THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 Serbisyong TAMA para sa mga Senior Citizens ng Lalud

VOLUME 2 No. 03 Nov. 28, 2022 - Dec. 04 , 2022

# Paglulunsad ng BIDA (Buhay Ingatan Droga Ayawan), suportado ni City Mayor Malou F. Morillo

*"Walang puwang ang Iligal na Droga sa Calapan City",*

GANYAN ang nais ipahiwatig ng mga grupong nakilahok sa Grand Launching ng *"Buhay Ingatan, Droga Ayawan"*: Anti-Illegal Drug Campaign na ginanap sa City Plaza Pavilion, Nobyembre 26, 2022.

Ito ay sa pangunguna ng City DILG Office sa pakikipagtuwang sa City Mayor's Office at City Youth and Sports Development Department. Umabot sa halos isandaan ang nakiisa sa nasabing programa mula sa mga kabalikat na kinabibilangan ng mga personnel ng Calapan City Police Station, Bureau of Jail Management and Penology, Bureau of Fire Protection, Sangguniang Barangay ng San Vicente North at Ibaba East at mga residente.

Layunin ng programang ito na maipakita ang maigting na pagtutol ng mga Calapeño sa iligal na droga na nagdudulot ng negatibong epekto sa mga komunidad at sa pag-unlad ng mga lungsod/bayan at buong bansa sa pangkalahatan.

Iminumulat din nito ang kamalayan ng bawat isa sa pananaw at persepsyon sa mga biktima ng iligal na droga. Sa paniniwalang isa ang physical fitness activity sa maaring pagkaabalahan ng sinuman upang maiwasan ang paggamit o pagkalulong sa droga ay naging tampok sa programa ang sabayang pakikilahok sa 'Zumba Exercise' na pinangunahan ng grupo ni Zumba Instructor Bhong Alcano.

Sa welcome remarks ay binigyang diin ni CYSD Officer Marvin Panahon na ang Pamahalaang Lungsod sa pamamagitan ng kanilang tanggapan ay patuloy na lumilikha ng mga programa upang mailayo sa masasamang bisyo ang mga mamamayan lalo na sa sektor ng kabataan.









Tumuon naman ang mensahe ni DILG City Director Ivan Stephen Fadri sa tatlong puntos, una, Ang pagbabago ay dapat magsimula sa ating mga sarili; pangalawa, Ang solusyon sa problema sa droga ay nasa bawat isa at pangatlo, sa laban droga importante na tayo ay nagkakaisa.

Nabatid kay PLTCOL ALFREDO LLORIN, hepe ng kapulisan sa Calapan na may natitira pang 12 barangay sa lungsod na hindi pa kabilang sa drug cleared ng PDEA kung kaya patuloy aniya siyang nanawagan ng pakikiisa sa mga mamayan at pamunuan ng mga barangay na suportahan sila sa layunin na ganap na maging ligtas sa iligal na droga ang Calapan City.

Sina Calapan City District Jail Warden David Jambalos at City Fire Marshall CINS ANGELINE SALAVADOR ay kapwa nagpahayag din ng kanilang mga ginagawang interbensyon upang labanan ang droga at maituwid ang nagawang pagkakamali ng 40 porsyento ng nakakubling na PDL na nasangkot sa iligal na droga.

Sa dulong bahagi ay nakiisa ang lahat sa pagpapahayag ng 'Unity Statement' bilang tanda ng pangako ng pagsuporta sa mga programa ng Pamahalaan upang tuluyan nang mawakasan ang problema ng bansa sa mapaminsalang iligal na droga (Junard Acapulco/CIO).

THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM




TINGNAN: Pinangunahan ni Senator Imee Marcos ang pamamahagi ng tig-P3,000 incentive fund sa mga Mindoreno mula sa iba't ibang sektor bilang tulong pinansyal sa ilalim ng programang Assistance to Individuals in Crisis Situation (AICS) ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) – MIMAROPA na ginanap sa Bulwagang Panlalawigan ngayong araw, Disyembre 3.

Ito ay matapos bumisita ang senadora sa lalawigan kasama sina dating Palawan Governor JC Pepito Alvarez at DA Undersecretary Christine Evangelista upang ipadama ang kanyang malasakit sa mamamayang Mindoreno na bahagi ng programang pangnasyunal. Katuwang sa pamamahagi ng naturang tulong pinansyal sina Governor Bonz Dolor at ang kanyang may bahay, Hiyas Govinda Dolor, gayundin si Calapan City Mayor Marilou Morillo.

Umabot naman sa 759 indibidwal mula sa mga sektor ng magsasaka, senior citizen at person with disabilities (PWDs) ang nabiyayaan ng nabanggit na tulong pinansyal. Nangako rin ang senadora ng tig-P5 milyong pondo sa bawat bayan at lungsod bilang tulong pang-alalay sa mga magsasaka.

Kasama naman ng gobernador sa mainit na pagtanggap sa mga bisita sina SP Board Member Jomarc Dimapilis at ABC President Dennis Brondial.


Sa huli, binigyan ni Gov. Bonz si Senator Imee Marcos ng sablay at token na gawa sa Oriental Mindoro bilang simbolo ng pasasalamat.










For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361

# Serbisyong TAMA para sa mga Senior Citizens ng Lalud, isinagawa







SA PAGPAPATULOY ng serbisyo publiko, sinadya ng Serbisyong TAMA para sa Barangay Caravan ang mga senior citizens ng Barangay Lalud, sa pangunguna ni City Mayor Marilou F. Morillo, nitong ika-28 ng Nobyembre.

Dahil isa ang Lalud sa may malaking populasyon na barangay sa Calapan, inuna ang mga senior citizens upang maging mas maayos at mas madali ang pagproseso ng kanilang mga pangangailangan.

*"Huwag po kayo mag-alala, mga biyaya ay dadating sa inyo."*

Iyan ang mensahe ni Mayor Malou sa mga senior citizens nang ibinahagi niya ang mga pinaplano ng Pamahalaang Lungsod sa pagsasaayos ng Barangay Lalud at mga programa para sa mga senior citizens.

Naroon ang City Social Welfare and Development Department upang kapanayamin ang mga senior citizens tungkol sa Financial Assistance/Incentive na ibinibigay para sa mga nakatungtong sa edad na 70-100.

Nagbigay-serbisyo din ang City Socialized Medical Health Care Office para sa pagpoproseso ng City Health Card at libreng tuli para sa 17 mga bata at minor incisions naman ang handog ng City Health and Sanitation Department.

Hatid naman ni Vice Mayor Bim Ignacio ang Meals on Wheels para sa lahat ng naroroon habang sila'y naghihintay.

Pinababatid din na ito ang huling Barangay Caravan para sa taong 2022 at ay muli itong aarangkada dala ang mga serbisyong tama para sa taumbayan sa susunod na taon (Thea Marie Villadolid/CIO).

# Mayor Malou, nakiisa sa 1st year Anniversary ng SAKAG






SA ARAW NA ITO, ika-28 ng Nobyembre, ay pinagdiriwang ang First Year Anniversary ng Samahan ng Kalapenyong Mangingisda (SAKAG) na siya namang dinaluhan ni City Mayor Marilou Flores-Morillo sa Barangay Wawa, Calapan City.

*"Kung noon ay laging nahuhuli ang mga mangingisda, ngayon ay hindi na iyan mangyayari,"* iyan ang mga binitawang salita ni City Mayor Malou Morillo.

Idiniin din niya na ginagawa ng Pamahalaang Lungsod ang lahat sa tulong ng Fisheries Management Office at ng iba pang government at non-government agencies upang mapaalwan ang kanilang pamumuhay.

Bilang bahagi ng kanilang pagdiriwang ay inilunsad ng SAKAG sa tulong ng Pamahalaang Lungsod at ng Fisheries Management Office ang Bangkarera 2022 na sinalihan naman ng ilang mangingisda at bangkero mula sa iba't ibang barangay.

Naroon din upang makisaya at magbigay ng suporta ang PNP Maritime Group, Coast Guard, FMO, at Community Affairs Office.

Matatandaang, sa pangunguna ni Mayor Malou ay nabuo ang SAKAG na naglalayong matugunan ang mga hinaing at pangangailangan ng mga mangingisdang Calapeño.

THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 2 No. 03 Nov. 28, 2022 - Dec. 04, 2022

MSP GAS RETAILING STATION
Gasolina at Krudo, Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD, CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# *Alcoba ng DWCC at Alido ng LGC, wagi bilang Mr. & Ms. CCAA 2022*







MAY NANALO NA! Matagumpay na naiuwi nina Earnhart Kristian Alcoba ng Divine Word College of Calapan at Kate Wincel Alido ng Luna Goco Colleges ang korona nang sila ay maitinanghal bilang Mr. & Ms. CCAA 2022 nitong ika-30 ng Nobyembre sa Bulwagang Panlalawigan.

Kinilala din si Alcoba bilang Mr. Skinfinity, at sila rin ng kaniyang kapareha ang Best in Talent; samantala, hakot awards naman si Alido bilang siya ang nakasungkit ng anim na minor awards: Ms. Casa Stela, Ms. Studio K Awards, Photogenic Award, Best in Sports Wear, School Uniform at Long Gown.

Sa question-and-answer portion, sinabi ni Alido na kung sakaling siya ang manalo na Ms. CCAA, gagamitin niya ang kaniyang boses sa pagsusulong ng sports sa Calapan at maglilikom ng pondo para tulungan ang mga talentadong kabataan na walang sapat na pera para sumali sa mga palaro.

Para naman kay Alcoba na siyang kauna-unahang Mr. CCAA, naniniwala siya na siya ang napili na maging kinatawan ng kaniyang paaralan dahil siya ay confident, dedicated, at passionate.

Dagdag pa niya, *"I am given opportunity to represent the school for this kind of pageant because I will not wait for the opportunity but instead, I will create it."*

1st Runner Up naman sina Alfred Hendrick Aceveda ng City College of Calapan at Carolyn Kean Tuquero ng Divine Word College of Calapan, at 2nd Runner Up naman sina John Mark Cepeda ng Mindoro State University at Yvonne Marie Marteja ng Southwestern College of Maritime, Business and Technology.

Hindi naman pinalagpas ni City Mayor Marilou Flores-Morillo at Vice Mayor Bim Ignacio ang pagdalo sa Mr. and Ms. CCAA 2022.

*"Nawa'y ipagpatuloy ninyo ang pagiging mabuting modelo sa mga kabataan sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng inyong adbokasiya sa larangan ng sports dahil hindi lamang kayo itinanghal para sa korona o tropeyo, nagwagi kayo dahil may purpose kayo sa ating lipunan," - City Mayor Malou F. Morillo.*

Matapos ang tatlong taon ay matagumpay ang naging pagbabalik ng CCAA at kasabay nito, muling narinig ang lakas ng hiyawan ng mga mag-aaral mula sa pitong paaralan upang suportahan ang kanilang mga pambato. Ito din ang kauna-unahang pagkakataon sa kasaysayan ng CCAA na nagkaroon ng Mr. CCAA (Thea Marie J. Villadolid/CIO).